# まんがでわかる


Tagalog
タガログ語版

# 飲食料品製造業の安全衛生

## Alamin Mula sa Komiks
## Kaligtasan at Kalusugan sa Industriya ng Paggawa ng Pagkain at Inumin






Bilang ng mga kaso ng aksidente o pinsala

| | | |
|---|---|---|
| 1 | Nadapa | 2,349 na kaso |
| 2 | Naipit / nahatak | 1,679 na kaso |
| 3 | Nasugatan / nagasgasan | 1,056 na kaso |
| 4 | Bumagsak / nahulog | 675 na kaso |
| 5 | Epekto ng aksyon / pinilit na aksyon | 666 na kaso |


Pinagmulan: "Ang Kasalukuyang Kalagayan sa Industriya ng Paggawa ng Produktong Kinakain" (Nirebisa Pebrero 2019) ng Ministry of Agriculture, Forestry and Fisheries (Ministro ng Agrikultura, Panggugubat at Pangingisda)


Tama.
Sa planta ng paggawa ng produktong kinakain
Maraming kaso ng pagkadulas sa basang sahig habang may naglilinis
O kaya'y pagkadulas habang may hawak na mga sangkap sa parehong kamay.
Trabaho talaga ito na kailangan ng pag-iingat.
Tama. Mahalaga din na lumikha ng ligtas na kapaligiran.


Ano ang dapat gawin?
Unang-una, mahalaga ang pagliligpit at pag-aayos ng mga gamit sa sa kapaligiran natin.
Pag-aayos (Seiri) /
Pagsasalansan (Seiton)/
Paglilinis (Seisou)/
Pananatili ng kaayusan (Seiketsu)
↓
4S
Naku po, ang hirap naman.
Hahaha
Sa madaling sabi, dapat mag-ingat para hindi madapa, hindi po ba?
Ano kamo?
Mahalaga ang lumikha ng lugar ng trabaho kung saan hindi sarili lamang natin, kundi kahit sino ay hindi madadapa!
O-Opo!



Bukod dito, humahawak ng mga kutsilyo at pamutol ng bagay sa loob ng planta kaya madaling magkaroon ng seryosong aksidente.
Maaaring mabitawan ang kutsilyo kapag nadapa at ito'y magiging sanhi ng pagkahiwa ng paa.
Nakakatakot ang hindi mag-ingat, ano?
Oo.
Pero maiiwasan naman ang pinsala sa kaunting pamamaraan.
Halimbawa, gawing patakaran ang pagsusuot ng sapatos na hindi madaling madulas.
Babala!
Madulas kaya mag-ingat sa paglakad!
注意
すべりやすいので
足元にご注意ください!
Tuwing lilinisin ang sahig ng planta, mainam kung maglagay ng karatula para bigyan ng babala ang mga tao.





Ano kayang halimbawa ng pinsala ang nasa kategorya ng "naipit/nahatak"?
Ang paglilinis ng makina na hindi pinapatay ang makina.
Mayroong kaso na naipit ang kamay sa umiikot na roller ng makina.
Nakakatakot naman...
Ngayon, tingnan natin
カチッ……
ガーッ
おおっ
Wow
Nang saglit
Ang aktwal na lugar ng trabaho


# Halimbawa 1: Paggamit ng makina




## Ang mga dapat kumpirmahin sa damit para sa trabaho




Hah?
Parang kakaiba ang anyo...
Maaari mo ba itong tingnan nang saglit?
Talaga ngang hindi nabuo ang hugis!!
Ang alam ko, ito ang palaging binubuksan ni sir.
Tapos, tatanggalin nya ang matigas na kanin.
Tulungan mo naman ako!
Pero...
Kapag may problema, sabihin ninyo sa akin.
Hwag kayong gagawa ng bagay na hindi ko inutos sa inyong gawin.
Okey lang naman siguro ito.
Opo.
ホワン ホワン ホワーン


Mukhang napuno nga ng kanin, katulad ng hinala ko.
OK na.
ふーっ
Ayan, OK na.
ガコッ
Ay!!
ヴィィィ
運転
START
ST



Huuu... Wala akong alam dyan!
May ginawa kayo, ano?!
May nangyari?
Sir!
Ano gagawin ninyo kapag nagkasugat kayo kasi gawa lang kayo nang gawa nang wala man lang pasabi?!
Eeeek!


Bakit ninyo naisipang magkumpuni nang walang paalam?
OFF!
ON/OFF
運転
停止
START
STOP
Hindi lang ang STOP button ang pipindutin nyo
Dapat patayin nyo rin ang kuryente ng makina!
Mag-ingat kayo.
Pwedeng maipit ang kamay ninyo sa loob ng roller!
Nagpapasalamat ako na alam nyong umako ng responsibilidad.
Pero, hindi pwedeng basta-basta gawin ang pag-aayos ng makina!!
..........
Sundin ninyo ang mga patakaran.
Sorry po!


# Halimbawa 2: Paglilinis







バシャア…!!
Naku!!
Tumalsik sa mata ko!
ゴシ
ゴシ
Sana pala sinuot ko ang proteksyon sa mata...
Makapunta na nga sa susunod kong gagawin!



Hmmm…
Parang dumidilim ang paningin ko...
Hala!
Tulungan nyo ako!
ヒリヒリ
ヒリヒリ
Ang sakit!
!
Ano ang nangyari!? Ang pula ng mata mo!!
Nakalimutan mo ang proteksyon sa mata, ano?



Tumakbo ka na sa clinic!
Eeek!
Clinic
医務室
Hoy! Okey ka lang ba?
ガラッ
Pinsala dahil sa kemikal, ano?
Sir...
Ikaw talaga!


Nasa mga patakaran ang pagsusuot ng guwantes at proteksyon sa mata!
Ang matapang na kemikal ay kumakain ng balat.
Kung kaya, kapag natalsikan ang kamay o mata mo, kaagad hugasan ito at magpatingin sa doktor. Nasa mga patakaran iyan.
アルカリ除菌
洗浄剤
Ang pagsunod sa mga patakaran ay pag-aalaga sa ating sarili.
Sir!
Mula ngayon mag-iingat na ako.
Ahahaha!
あっはっはっは

# Halimbawa 3: Pagbubuhat




ゴキッ
Okey ka lang?
Aray, aray.


Ang sakit ng likod ko...
Nakabalik din ako.
Mahuhuli ako dahil dito.


Hay....
Paano ko ba sasabihin ito....
Mas madaling madulas kapag manipis na ang suelas.
Kapag napansin mo, palitan mo na.
Kahit nagmamadali ka, hindi dapat tumakbo.
Madaling madulas kapag basa ang sahig o may nalaglag na gulay.
Kapag napansin mo, linisin mo na.



Kailangang mag-ingat lalong-lalo na sa lugar kung saan gumagamit ng kutsilyo.
Kung marami kang bubuhatin, gumamit ka ng push cart/trolley.
Kapag nasugatan ka, pati ang pamilya mo ay malulungkot.
O-
Opo...







## Mga punto na dapat ingatan sa industriya ng paggawa ng pagkain at inumin

**1** Suotin nang tama ang damit pangtrabaho.




**2** Ipatupad ang 4S nang lubusan.



**3** Ipaalam kaagad sa nakatataas kapag may problema!




**4** Gumamit ng trolley o push cart sa pagdadala ng mga gamit.






**Industriya ng paggawa ng pagkain at inumin**

**Mag-ingat din tayo sa mga ganitong bagay!**

## Mga payo para sa kaligtasan at kalinisan!




**1** Mag-ingat upang hindi masugatan dahil sa lamig ng dry ice!



**2** Mag-ingat na hindi maipit sa umiiikot na roller ng makina!



**3** Siguruhing tama at ligtas ang paggamit ng trolley o push cart!




**Mag-ingat tayo sa trabaho upang hindi mag-alala ang ating pamilya at mga kaibigan!**




Alamin sa mga drowing at imahe

Alamin natin ang nagtatagong panganib sa lugar ng trabaho!


# Pagsasanay sa Pag-iwas sa Panganib

(Kiken Yochi Training: KYT)


## Q Subukan natin isipin kung saan at alin ang mapanganib!




## A Ito ang mga mahahalagang punto tungkol sa panganib!




1 Gumamit tayo ng push cart para sa mabibigat na gamit!



2 Gawing prayoridad ang pagpupunas ng basang sahig!



3 Unang-una, patayin ang switch ng kuryente!



**Pag-isipan natin kung mayroon pa bang ibang mahalagang punto tungkol sa panganib.**


**Alamin Mula sa Komiks**
**Kaligtasan at Kalusugan sa Industriya ng Paggawa ng Pagkain at Inumin**

Inilathala Marso 2020

Naglimbag: Ministry of Health, Labour and Welfare
(Ministro ng Kalusugan, Paggawa at Kapakanan)

Nagplano: Mizuho Information & Research Institute, Inc.

Nangasiwa: Kumite sa Paglikha ng Materyales Para sa Pag-aaral Tungkol sa Kaligtasan at Kalinisan sa Lugar ng Trabaho

Lumikha: Sideranch Inc.

厚生労働省
Ministry of Health, Labour and Welfare

**Para sa katanungan tungkol sa mga materyales:**

Ministro ng Kalusugan, Paggawa at Kapakanan, Kawanihan ng Pamantayan sa Paggawa, Departamento ng Kaligtasan